# Matapang si Kapitan Moroni

Pinamunuan ni Kapitan Moroni ang hukbo ng mga Nephita. Gustung-gusto niyang sundin ang Ama sa Langit. Tinulungan niya ang mga sundalong Nephita na ipagtanggol ang kanilang sarili laban sa mga Lamanita. Ipinaalala niya sa kanila ang mga pagpapala ng Ama sa Langit. Ipinaalala niya sa kanila ang kanilang kalayaan at kanilang pamilya para tumapang sila.



Maraming bata sa paaralan ang gumagamit ng hindi magandang pananalita na hindi komportable sa akin. Nagdasal kami ni Inay para humiling ng lakas-ng-loob at para malaman kung ano ang pinakamagandang gawin. Kinabukasan, nang gamitin nila ang pananalitang iyon, magalang kong sinabi na, "Huwag na sana ninyong gamitin ang mga salitang iyan. Hindi ako komportableng marinig iyan." Sabi nila, "OK, sori." Sumaya ang kalooban ko dahil diyan, at natutuwa akong malaman na tutulungan ako ng Ama sa Langit kapag humingi ako ng tulong.
**Bella T., edad 10, Virginia, USA**



***Grant L., edad 10, Florida, USA***

PAGLALARAWAN NI JARED BECKSTRAND

Gupitin, itupi, at itabi ang challenge card na ito!




## Kaya Kong Maging Matapang!

- ☐ Isaulo ang Alma 48:11–12. Basahin din ang talata 17!
- ☐ Tulungang maging matapang ang isang taong nag-aalala o natatakot. Ibahagi sa kanila ang iyong patotoo tungkol sa Ama sa Langit.
- ☐ Panoorin ang mga kabanata 31–33 at 35 ng mga kuwento sa Aklat ni Mormon sa scripturestories.lds.org.
- ☐ Hinahamon ko ang sarili ko na . . .

________________________